



PINYAmazing Adventures ni Pina

**PINY Amazing Adventures
ni Pina**

PINYAmazing Adventures ni Pina
(Comic Series)

Inilathala ng	Bureau of Agriculture and Fisheries Standards BPI Compound, Visayas Avenue, Diliman, Quezon City 2020
Email	info.bafs@gmail.com
Kwento ni	Jan Vincent DR. Tecson
Iginuhit ni	Sweet Jessabel M. De Guzman
Editor	Mary Grace R. Mandigma
Mga nag-ambag	Raissa Marie F. Reformado BAFS Illustrators
ISBN	XXX XXX XXX XXX X (Softbound/Paperback)
ISBN	XXX XXX XXX XXX X (PDF)

Isang araw, bumisita ang batang si Pina sa taniman ni Mang Isko...

Magandang araw po Mang Isko, ano po ang itatanim n'yo ngayon?


Ah, ganoon po ba? Eh, ano naman po ang tawag sa mga pananim na iyan?

Magtatanim ako ng mga pinya, Pina.




Ang tawag dito ay pineapple suckers. Ito ay mga punla o planting materials ng pinya. Sa pagtatanim ng pinya, maaari ring gumamit ng slips at crowns ngunit mas malagal ang pagbunga mga ito.

Sa pagpili naman ng suckers, dapat siguraduhing maganda ang kalidad ng mga ito.



Paano naman po ang tamang pagtatanim ng mga punla?



Maaaring itanim ang mga punla sa isang hilera na may distansyang 25 hanggang 30 cm sa bawat pagitan ng mga punla.

Mainam magtanim sa umpisa ng tag-ulan. Pero kung ang lugar ay may sapat na ulan, kahit anong panahon ay maari kang magpunla.




Aha... PINYAmazing!

Makalipas ang dalawang buwan matapos magtanim ng pinya, bumalik si Pina upang kumustahin si Mang Isko....



Mang Isko, paano n'yo po nasisigurong tulubo nang maayos at mamumunga ang mga tanim na pinya?

Naglalagay ako ng mga pataba (o abono) katulad ng mga ito, Pina. Pero dapat ang mga ito ay rehistrado sa Fertilizer and Pesticide Authority (FPA) upang matiyak na ito'y may tamang kalidad at ligtas gamitin.




Brand X
Ammonium Sulphate
Registered with the Fertilizer and Pesticide Authority Pursuant to PD 1144
FPA Registration No.: 123-456-789

Gaano po dapat karami ang ilalagay na pataba?

Nakadepende ang dami ng pataba sa kung ano ang kasalukuyang kondisyon ng lupang tinamnan at kung ano ang kailangan na sustansya (nutrient) ng mga pananim.

Maaari itong malaman sa pamamagitan ng resulta ng soil analysis.



Halimbawa ng resulta ng soil analysis

BUREAU OF SOILS AND WATER MANAGEMENT Laboratory Services Division SOIL CHEMICAL TEST REPORT		
Name of Customer:	Francisco Santos	
Contact Number:	765 4321	
Address:	Cavite	
Date of Sampling:	23-Oct-19	
Sampling Site/Location:	Cavite	
Date Submitted:	24-Oct-19	
Determination	Test Method	Result
Available Phosphorus (Avail. P), mg/kg	Ascorbic acid reduction	0.21
Exchangeable Potassium (K), cmol/kg	Ammonium acetate, pH 7.7	0.21
Total Nitrogen (N), %	inductively coupled plasma atomic emission spectrometry (ICP-AES)	1.31
Nitrogen (N), %	Calculation, OM x 0.05	-

Aha... PINYAmazing!



Bumalik si Pina upang kumustahin si Mang Isko nang may mapansin siya sa ilang bunga ng pinya...

Mang Isko, bakit po kakaiba ang kulay ng balat nung isang pinya?

Ah, sunburn ang tawag d'yan sanhi ng sobrang pagkabilad ng pinya sa araw.

Paano naman po maiwasan ang sunburn?

Maaring gumamit ng dahon ng pinya para maprotektahan ang pinya sa pagkabilad sa araw. Pwedeng itali ang dahon sa ilalim ng crown.

Maliban sa dahon, maari rin namang gumamit ng cardboard.

Mga paraan upang maiwasan ang sunburn...



Pagtatali ng dahon



Paggamit ng cardboard

Aha... PINYAmazing!

Ipinakita ni Mang Isko kay Pina ang isa namang sakit na maaring makita sa pinya...

Maliban sa sunburn, maaari din masira ang mga tanim na pinya dahil sa mga sakit dulot ng mga mikrobyo.

Katulad nitong sakit sa pinya na dulot ng fungi na tinatawag na *Phytophthora*.

Paano po malalaman kung may sakit ang mga pinya dahil sa *Phytophthora*?


Malalaman mo ito kapag ang ilalim na parte ng pinya ay nabubulok na kahit hindi pa ito magulang. Ang dahon din ay unti-unti nang naninilaw.

Paano naman po ito maaagapan?

Kapag nakitaan na ng mga sira ang ilang pananim, agad na tanggalin ang mga ito.

Aha... PINYAmazing!

Ito ang itsura sa loob ng pinyang inatake ng *Phytophthora*:




Nais ni Pina na siya ang maglagay ng pestisidyo ngunit hindi pumayag si Mang Isko...

Mang Isko, pwede po ba ako maglagay ng pestisidyo sa mga pananim na pinya?

Naku, Pina. Hindi pwede. Ang nararapat na maglagay ay 'yung may sapat na kaalaman at kasanayan dito.

Dagdag pa rito ay dapat nakasuot ng tamang proteksyon sa katawan o PPE (Personal Protective Equipment) ang mga mag-i-spray. Katulad ng takip sa mukha, guwantes, sombrero, kamisa na mahaba ang manggas at pantalon.



Mang Isko, ano naman po ang ginagamit n'yo sa pagspray ng pestisidyo?

Gumagamit ako ng backpack sprayer. Sinisiguro ko na ito ay calibrated o nasa maayos na kalagayan at walang tumatagas sa hose niito.



Aha... PINYAmazing!



Napansin ni Pina na mukhang maari nang anihin ang mga pinya...

Mang Isko, paano po malalaman kung maari nang anihin ang mga pinya?

Pina, ang isa sa mga tinitingnan kung malapit nang anihin ang pinya ay ang kulay ng balat nito.

Kung mapapansin mo, may mga pinyang purong berde o purong dilaw ang balat. Mayroon din namang halo ang dilaw at berde.

Maari nang anihin ang mga pinyang mas malaki na ang bahagi ng kulay dilaw kaysa berde.

PINEAPPLE STAGES OF RIPENESS					
Peel/Shell 1	2	3	4	5	6
Completely green	Some eyes showing color	25% of the fruit showing color	<25% - 50% of the fruit showing color	<50% - 75% of the fruit showing color	>75% of the fruit showing color

Source: BAFS

Aha... PINYAmazing!


Aanihin na ang mga pinya at nais ni Pina na tulungan si Mang Isko sa paghahanda ng mga paglalagyan ng mga pinya...

Mang Isko, naihanda ko na po ang lalagyan ng mga pinya.

Naku iha! Hindi dapat ganyan ang lagayan ng pinya dahil maaari iyang maging sanhi ng pagkasira nito.

May mga angkop na lalagyan para sa pinya. Ang isa sa kalimitan nating ginagamit ay itong tinatawag na plastic crates. Sa ganitong mga lalagyan, masisiguradong hindi magkakaran ng panloob at panlabas na sira ang pinya.

Aha... PINYAmazing!



EXAMPLE POST-HARVEST DAMAGE



TUTULOY...


Naihanda na ni Pina ang mga crates ngunit may napansin si Mang Isko sa mga ito...

Mang Isko, handa na po ang mga plastic crates na lalagyan ng pinya.

Napakarumi naman ng mga iyan, iha!

Dapat na siguraduhing malinis ang mga lalagyan ng mga pinya upang mapropektahan at hindi maapektuhan ang kalidad ng mga ito.

Aha... PINYAmazing!



TUTULUY...

Naani na ni Mang Isko ang mga pinya at ang ga ito ay handa nang ayusin...

Napakarami ng mga naaning pinya!
Paano naman po ito dapat ayusin sa lalagyan?

Ang mga dapat isaalang-alang sa pag-aayos ng pinya ay ang sukat at uri (*class*).
Dapat din ihiwalay ang mga pinya na may sira o depekto.

Pagsama-samihin ang mga pinya, ayon sa sukat at uri (*class*).

Aha... PINYAmazing!



TUTULUY...

Manghang—mangha si Pina sa rami ng naaning pinya ni Mang Isko...



Mang Isko, napakarami talaga ng naaning pinya! Lahat po ba iyan ay ibebenta ninyo ngayong araw?

Hindi naman lahat Pina. Ang ilan sa mga ito ay ilalagay ko sa aking imbakán. Halika puntahan natin.

Sa loob ng imbakán...




Dito ko iniimbak ang mga naaning pinya na hindi ko kaagad maibebenta.

Sinisiguro ko na lagi itong malinis at nakasara ng maigi para maiwasan ang pagkasira ng mga pinya.

Nilalagyan ko ng mga malinis na paleta o kaya trapal ang ilalim ng mga pinya para maiwasan ang kontaminasyon. Dapat rin na nakahiwalay ang anumang bagay na maaaring magdulot ng kontaminasyon gaya ng mga pestisidyo at pataba.

Pinagsasama—sama ko rin ang mga pinya ayon sa kung kalian ito inani.



Aha... PINYAmazing!



Makalipas ang ilang buwan matapos magtanim ng pinya, sa wakas ay handa nang ibenta ni Mang Isko and katas ng kanyang pagtitiyaga...

Ayan, Pina! Handa na akong magdala ng mga ibebentang pinya. Pero bago ito isalansan, sinisiguro ko muna na malinis ang mga lalagyan.

Para maiwasan ang kontaminasyon at pagkasira dulot ng pagkabilad sa araw, tinatakpan ko ang mga pinya gamit ang malinis na trapal.

Dapat din iwasan ang pagsasama-sama ng mga pinya at anumang bagay na maaaring magdulot ng kontaminasyon katulad ng mga hayop, pataba at iba pa.




Aha... PINYAmazing!

WAKAS.



Republic of the Philippines
Department of Agriculture
BUREAU OF AGRICULTURE AND FISHERIES STANDARDS
BPI Compound, Visayas Avenue, Diliman, Quezon City

 www.bafs.da.gov.ph

 (+632) 928 8743 loc. 3308

 bafs@da.gov.ph